
LEVEL 2

# Leveled Reader
## in Filipino

# Si Drake, ang Mahiwagang Dragon



Sama-samang binuo ang kuwento ng
ilang kasapi ng Educational Alliance
Iginuhit nina Priya Kuriyan at Vinayak Varma




Naghahanda na para sa taunang paligsahan sa pagbuga ng apoy ang lahat ng mga dragon sa bayan. Maliban kay Drake. Nakabilad pa rin sa araw si Drake habang kumakain ng masasarap na mangga. Aakalin ninyong hindi niya gustong manalo sa paligsahan kung makikita ninyo si Drake.



Pero alam ba ninyo? Gusto niya ring sumali at manalo sa paligsahan. Gustong-gusto! Subalit medyo... medyo... tamad si Drake.




Nagpasyang pumunta
si Drake sa paligsahan.
Habang naglalakad,
iniensayo niya ang pagbuga
ng matingkad at malakas na
ginintuang dilaw na apoy.



Ngunit isang kulay-abong
usok ang naibuga niya.
“Naku! Hindi mabuti ito
para sa isang dragon,” sabi
ni Inang Dragon.



Iyak nang iyak si Drake! Magtatagumpay kaya siya at maipagmamalaki ng kaniyang nanay?



Biglang nakita ni Drake ang kaniyang gurong si Dambuhalang Sili. Sinanay nito si Drake na bumuga ng apoy sa pamamagitan ng pagkain ng napakaraming siling pula.



Parang mahika ang epekto ng mga siling pula!
Nag-ensayo nang nag-ensayo si Drake hanggang sa kaya na niyang magbuga ng matingkad na gintuang dilaw na apoy.



Dahil sa kaniyang bagong kakayahan, maaari nang maging gabay at ilaw ng mga barko sa karagatan ang liwanag ng kaniyang apoy. Mula sa araw na iyon, siya na ang nagsilbing ilaw at gabay ng mga barko sa dagat. Wala ng barko ang nawala dahil sa tulong ni Drake.



Dahil dito, ipinagmalaki si Drake ng kaniyang Inang Dragon. Daig pa niya ang nanalo sa paligsahan ng pinakamalaki at pinakamalakas na pagbuga ng apoy.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation